



**Elektronikong Pagpapatunay Ng Pagbisita
[Electronic Visit Verification]
Website ng Portal ng Elektronikong Serbisyo (ESP)
[Electronic Services Portal (ESP) Website]
Pagpaparehistro ng Tagabigay/Tagatanggap
[Provider/Recipient Registration]**

www.etimesheets.ihss.ca.gov



Para sa karagdagang tulong mangyaring makipag-ugnay sa IHSS Service Desk sa (866) 376-7066 Lunes hanggang Biyernes mula 8am hanggang 5pm at piliin ang opsyon na Portal ng Elektronikong Serbisyo para makipag-usap sa ahente ng ESP Service Desk.

PAGPAPAREHISTRO BILANG GAGAMIT SA UNANG PAGKAKATAON

Kung ginagamit mo ang website na ito sa unang pagkakataon, kakailanganin mong magparehistro para sa isang account.

Kakailanganin mo ang sumusunod na impormasyon upang magparehistro nang eksakto tulad ng ipinapakita sa mga talaan ng IHSS:

- Ang iyong pangalan
- 9-na digit na numero ng tagabigay (**kung ikaw ay isang tagabigay**), o 7-digit na numero ng tagatanggap (**kung ikaw ay isang tagatanggap**)
- Petsa ng kapanganakan
- Huling apat na digit ng iyong social security number
- Isang wastong e-mail address


Tandaan: Kahit hindi inirerekomenda, maaari mong gamitin ang parehong email address upang magparehistro bilang isang tagabigay at tagatanggap.

Para ma-access ang Website ng Portal ng Elektronikong Serbisyo, mangyaring bisitahin ang www.etimesheets.ihss.ca.gov

Mayroong 5 hakbang sa pagproseso ng Pagpaparehistro:

Ang mga hakbang na ito ay kinakailangan lamang na makumpleto ng isang beses, pagkatapos nito, ang kailangan mo lang gawin ay mag-login


Register



Tandaan: Ang bawat hakbang ay mamarkahan ng orange upang ipahiwatig ang hakbang na kung nasaan ka, at ito ay magbabago sa berde upang ipahiwatig ang isang nakumpletong hakbang.

Sa ibaba ng iyong screen, makakakita ka ng drop-down list para sa mga pagpipilian sa wika. Maaari mong piliin ang nais mong wika sa pamamagitan ng pag-klik sa drop-down na menu. Ang Portal ng Elektronikong Serbisyo ay magagamit sa Ingles, Spanish, Chinese at Armenian.

https://www.etimesheets.ihss.ca.gov/login




Login to Your Account

User Name
User Name is case sensitive

 Remember me

First Time User?
Register for the IHSS Website to:

- View your timesheet and payment statuses
- Enter and submit timesheets
- No longer mail paper timesheets
- Request additional timesheets
- Enroll in direct deposit
- Claim sick leave



[Register Here](#)

[Registration FAQs](#)

Password
Password is case sensitive

[Forgot User Name or Password?](#)

The IHSS Electronic Services Portal is now available in **Español, 中文 and Հայերեն** for both Providers and Recipients.

Language

- English (English) ✓
- English (English)
- Spanish (Español)
- Armenian (Հայերեն)
- Chinese (中文)

Kung mayroon kang mga katanungan bago ka magsimula, mayroong isang link sa ilalim ng link na Register Here para sa “Registration Frequently Asked Questions”. Magbubukas ito ng isang dokumento na nagbibigay ng impormasyon para sa iyo, tulad ng kung anong impormasyon ang kakailanganin mo upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro.

I-klik ang link na **Register Here** upang simulan ang iyong proseso ng pagpaparehistro.

REGISTRATION AS A FIRST TIME USER

IHSS
IN-HOME SUPPORTIVE SERVICES
ELECTRONIC SERVICES PORTAL

Login to Your Account

User Name
User Name is case sensitive

Remember me

Password
Password is case sensitive

Forgot User Name or Password?

Language
English (English)

First Time User?
Register for the IHSS Website to:

- View your timesheet and payment statuses
- Enter and submit timesheets
- No longer mail paper timesheets
- Request additional timesheets
- Enroll in direct deposit
- Claim sick leave

CDSS Adult Programs Division CDSS

Pagkatapos piliin ang link na **Register Here**, dadalhin ka sa screen ng **Welcome**.

IHSS Electronic Services Portal Registration

IHSS ELECTRONIC SERVICES PORTAL

Welcome

To register with this website you must be a provider of In-Home Supportive Services for the In-Home Supportive Services (IHSS) and/or the Waiver Personal Care Services (WPCS) program or be a recipient of either program. Information viewed on this website is only related to IHSS and/or WPCS cases.
Information collected by this website will be used for managing IHSS and WPCS program processes. Your email address will be collected during the registration process and will be used to send you reminders and notices.

To get started, tell us if you are a recipient or a provider?

I am a Recipient

I am a Provider

CDSS Adult Programs Division

Sa itaas ng screen, makikita mo ang isang paunawa na nagbibigay ng impormasyon kung sino ang maaaring lumahok sa website na ito.

- Upang makapagsimula, piliin mo kung ikaw ay isang “Recipient”, o kung ikaw ay isang “Provider”. Pagkatapos gumawa ng iyong pagpili, i-klik ang **Begin Registration Process**.

Pagkatapos dadalhin ka sa Screen na ‘Register’. Makikita mo sa itaas ng iyong screen ang registration progress bar.

Ipapakita nito sa iyo kung nasaan ka sa pagkumpleto ng 5 madaling hakbang upang magrehistro para sa iyong account. Malalaman mo kung aling hakbang ang iyong kasalukuyang ginagawa dahil i-highlight ito ng orange sa iyong progress bar.

IHSS ELECTRONIC SERVICES PORTAL

Register

1 **User Information**
Enter your name, provider number, date of birth and SSN number

2 **Account Information**
Create your user name, password and enter your email address

3 **Security Questions**
Select your security questions and enter your answers

4 **Email Verification**
Check your email and select the link to complete registration Step 4

5 **Confirm Registration**
Enter your user name, password and one of the security questions you selected in Step 3

Enter your first name, last name and provider number as shown on your IHSS/WPCS timesheet

First Name

Last Name

Date of Birth (MM/DD/YYYY)

Case Number
You must enter all 7 digits of your Case Number including the leading zeros.

SSN (Last 4 Digits)
We ask for the last 4 digits of your Social Security Number so that we can verify who you are.

CDSS Adult Programs Division

Ang iyong unang hakbang, **Hakbang 1** ay pagpasok ng iyong Impormasyon bilang Gumagamit.

Sinasabi nito sa amin ang tungkol sa iyo at hinahayaan ang sistema na suriin ang iyong impormasyon sa programa ng IHSS o WPCS.

Kakailanganin mong ipasok ang sumusunod na impormasyon, ang iyong:

- Unang Pangalan
- Apelyido

- Petsa ng Kapanganakan
- Kung ikaw ay isang tagabigay, kakailanganin mong ipasok ang iyong numero ng tagabigay. Dapat ito ay 9 na digit at maaaring matagpuan sa anumang mga papeles ng tagabigay na iyong natanggap, tulad ng, isang nakaraang paystub.
O, kung ikaw ay isang tagatanggap, kakailanganin mong ipasok ang iyong numero ng tagatanggap. Dapat na ito ay may 7 digit at maaaring matagpuan sa anumang papeles ng tagatanggap na iyong natanggap, tulad ng, isang paunawa ng aksiyon.
- Ang Huling Apat na Digit ng iyong Social Security Number

Kung ipinasok mo ang iyong impormasyon at nakatanggap ng isang mensahe na ipinapaalam sa iyo na ang impormasyon ay hindi tumutugma sa aming mga talaan, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng county ng IHSS o IHO.

Tandaan: Ang iyong personal na impormasyon ay hindi naiimbak sa website na ito, ginagamit lamang ito para sa paunang pagpapatunay laban sa kung ano ang naka-imbak sa sistema ng IHSS o WPCS.

Sa sandaling nakumpleto mo na ang Hakbang 1, mangyaring piliin ang buton na **Next**.

Malalaman mo na nakumpleto mo ang isang hakbang dahil ang hakbang na iyon ay magbabago sa kulay na berde sa iyong progress bar.

Para sa **Hakbang 2**, ipapasok mo ang sumusunod na Impormasyon para sa iyong bagong account:


- Lumikha ng iyong User Name:
 - Ang iyong user name ay sensitibo sa titik at maaaring maging anumang bagay na gusto mo, dapat hindi ito bababa sa 6 na karakter, maaari ding mga numero, mga letra o mga simbolo.
 - Tiyaking ang iyong username ay isang bagay na iyong matatandaan, kakailanganin mo ito upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro at ma-access ang iyong account.
- Pagkatapos, Lumikha ng iyong Password:
 - Ang iyong password ay sensitibo sa titik at dapat na hindi bababa sa 8 karakter ang haba, at dapat isama ang kumbinasyon ng mga letra, hindi bababa sa dalawang numero at walang espesyal na karakter.
 - Muli, ito ay dapat na isang bagay na iyong matatandaan, dahil kakailanganin mo ito upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro at ma-access ang iyong account.
- Kumpirmahin ang iyong Password
 - Ipasok muli ang parehong password
- Pagkatapos ipasok ang iyong email address.
 - Ipasok ang isang wastong email address, dahil ito ay gagamitin para sa mga abiso sa iyong account
- Inirerekomenda na gamitin ng lamang ng tagabigay ang parehong email address upang magparehistro para sa tagatanggap kung sila ang pinahintulutan na Timesheet Signatory o mayroon silang Legal Authority tulad ng pagiging magulang ng isang menor de edad na tagatanggap.
- Kumpirmahin ang iyong Email
 - Ipasok muli ang parehong email

Pagkatapos makumpleto ang Hakbang 2, piliin ang buton na **Next**.

Para sa **Hakbang 3**, kakailanganin mong sagutin ang ilang **Security Questions**.

Pipili ka ng tatlong magkakaibang mga tanong sa seguridad mula sa listahan sa drop-down. I-klik ang arrow sa kanang bahagi ng kahon upang makita ang mga tanong na iyong pagpipilian.

- Siguraduhin na ang iyong mga sagot sa iyong napiling mga tanong sa seguridad ay mahirap na mahulaan ng iba ngunit madali para sa iyo na matandaan. Gagamitin mo ang mga tanong na ito upang makumpleto ang iyong pagpaparehistro pati na rin ang pag-reset ng iyong password, kung kinakailangan.
- Sa sandaling nakapili ka na at sinagot mo na ang tatlong mga katanungan sa seguridad, piliin ang buton na **Next** upang makumpleto ang Hakbang 3.




Mapapansin mo sa iyong Progress Bar na ikaw ay nasa **Hakbang 4**

- Ang isang email ay ipapadala sa iyo sa wastong email address na iyong ibinigay. Kakailanganin mong i-verify ang iyong email address.
- Pumunta sa iyong papasok na email at tingnan ang mensahe mula sa Website ng IHSS.

Tandaan: Kung hindi mo makita ang mensahe sa iyong inbox, mangyaring suriin ang iyong spam folder para sa email.

Registration – Verify Email

 **IHSS ELECTRONIC SERVICES PORTAL**

Register

1

User Information
Enter your name, provider number, date of birth and SSN number

2

Account Information
Create your user name, password and enter your email address

3

Security Questions
Select your security questions and enter your answers

4


Email Verification
Check your email and select the link to complete registration Step 4


5

Confirm Registration
Enter your user name, password and one of the security questions you selected in Step 3

Please check your email to verify your account in order to complete Step 4 of the registration process.


An email has been sent to your registration email address. Check your email and follow the steps in the email to verify your account. You have a limited amount of time to complete this final step.




 **Adult Programs Division**

Narito ang isang halimbawa ng kung ano ang magiging hitsura ng mensahe sa iyong email:

Example Of Email


 **IHSS**

Thank you for registering with the IHSS Electronic Services Portal (ESP) with the user name testprovider01. To finish creating your account please click on the link below and log in to the application.

 [Verify my email address and login.](#) This link will expire after **04/08/2019 13:42**. If the link has expired, you will need to complete the registration process again.

Please do not reply to this email. For questions about this email or the IHSS/WPCS E-Timesheet System, please contact the Electronic Timesheet Help Desk during business hours at 1-866-376-7066 (select option 4 for Electronic Timesheet assistance).

We respect your privacy. Please review our [Privacy Policy](#) here.

 **Adult Programs Division**

Kapag natanggap mo ang email, hihilingin sa iyo na i-verify ang iyong email address. Para magawa ito, sundin ang mga hakbang sa email sa pamamagitan ng pag-klik sa link ng **Verify my email address and login**.

Tandaan: Mahalagang i-verify agad ang iyong email address dahil ang email login link ay magagamit lamang sa limitadong oras. Kung ang iyong email login link ay natapos, kakailanganin mong simulan muli ang proseso ng pagpaparehistro.

Binabati kita! Ngayon na nakumpleto mo na ang lahat ng limang hakbang para sa iyong pagpaparehistro, ikaw ay nakarehistro na at may isang account sa Website ng Portal ng Elektronikong Serbisyo.

Mangyaring tandaan na panatilihin ligtas ang iyong username at password at huwag ibahagi ang iyong username o password.

IHSS ELECTRONIC SERVICES PORTAL

Register

- 1 User Information**
Enter your name, provider number, date of birth and SSN number
- 2 Account Information**
Create your user name, password and enter your email address
- 3 Security Questions**
Select your security questions and enter your answers
- 4 Email Verification**
Check your email and select the link to complete registration Step 4
- 5 Confirm Registration**
Enter your user name, password and one of the security questions you selected in Step 3

User Name
User Name is case sensitive

Password
Password is case sensitive

What was the name of your first pet?

CDSS Adult Programs Division

Main Landing Page

Kapag natapos mo na ang proseso ng pagpaparehistro, dadalhin ka sa Main Landing Page.

The screenshot shows the Main Landing Page of the IHSS Electronic Services Portal. At the top, there is a navigation bar with links for Electronic Timesheets, Payments, Direct Deposit, Sick Leave Claim, Account, What's New, FAQs, Training, and Contact Us. Below the navigation bar, there are three large buttons: 'TIMESHEET ENTRY' (blue), 'RECENT PAYMENTS' (green), and 'WHAT'S NEW' (brown). Under the 'TIMESHEET ENTRY' button, there is a section for 'RECIPIENTS' with a text input field for 'TESTFIRSTNAME TESTLASTNAME' and a message 'Not Registered in ESP or TTS'. To the right, there is a section for 'LINKS AND REMINDERS' with links for 'IHSS Provider Resources' and 'IHSS Recipient Resources'. The footer of the page includes the CDSS Adult Programs Division logo.

Para sa mga Tagabigay, maaari mo na ngayong gawin ang mga sumusunod gamit ang iyong account:

- Isumite ang iyong mga timesheet sa Electronic Timesheet System
- Tingnan ang Kasaysayan ng Pagbabayad
- Mag-sign up para sa Direct Deposit sa online
- At magsumite ng Sick Leave Claim sa online

Tandaan: Kapag ikaw ay nasa Main Landing Page, makikita mo ang isang listahan ng lahat ng mga tagatanggap na binibigyan mo ng serbisyo. Kung ang iyong tagatanggap ay hindi pa nakarehistro para sa ESP o sa Telephone Timesheet System (TTS), makakakita ka ng isang tala sa ilalim ng pangalan ng tagatanggap na ipinapaalam sa iyo na kailangang magparehistro ang iyong tagatanggap.

Para sa mga Tagatanggap, maaari mo na ngayong gawin ang mga sumusunod gamit ang iyong account:

- Suriin ang mga timesheet ng iyong tagabigay sa elektronikong paraan
- Aprubahan o tanggihan ang mga timesheet ng iyong tagabigay sa elektronikong paraan
- Tingnan ang Kasaysayan ng Timesheet ng iyong tagabigay